

1 Labanan ang stemborer o aksip

2
3 Alam nyo ba na maaaring umabot sa 50% pataas ang pinsala sa sira ng
4 *stemborer* o aksip sa palay? Ang dilaw at puting aksip ang pinakapopular na
5 umaatake sa palay dito sa Pilipinas. Dumarami ang aksip sa palayan sa Abril
6 hanggang Mayo at Oktubre-Nobyembre.

7
8 Ayon kay Anita Antonio, training specialist ng PhilRice, ang mga uod ng
9 stemborer ay pumapasok at kaloob-loobang puno ng palay at doon
10 nanginginain, na nagiging sanhi ng *deadheart* o panlululos at *whiteheads* o
11 uban.

12
13 Ang *deadheart* sa palay ay nagaganap habang lumalago ang tanim. Makikita
14 na ang mga dahon ay tumitiklop, nagkukulay-kape, natutuyo, namamatay,
15 at madaling bunutin kung tinamaan na ng *deadhearts*. Mayroon din
16 mapapansin na maliit na butas sa mga puno at may mga ipot ng kulisap.

17
18 Ang *whiteheads* naman ay nangyayari sa yugto ng paghuhubog ng uhay
19 hanggang sa pamumulaklak ng halamang palay. Ang mga uhay na
20 naapektuhan ng *whiteheads* ay namumuti at ang mga butil naman ay
21 napipipis o walang laman.

22
23 Payo ni Antonio, magsagawa ng Integrated Pest Management (IPM) upang
24 mapamahalaan ang *stemborer*. Sa IPM, iba't-ibang mga pamamaraan ng
25 pangangasiwa sa mga peste.

26
27 Maiiwasan ang aksip kung isasakatuparan ang *synchronous planting* o
28 sabayang pagtatanim at *fallow period* o pagpapahinga ng lupa nang 30 araw.
29 Kung sabay-sabay ang pagtatanim at pag-aani at hindi magtatanim ng palay
30 sa loob ng isang buwan, masisira ang siklo ng buhay ng *stemborer* o tuloy-
31 tuloy nilang pagdami dahil wala silang matitirhan at makakainan. Bunga
32 nito, sila ay mamamatay. Kung may matira, bahala na ang mga kaibigang
33 kulisap na nasa bukirin.

34
35 Ang mga kaibigang kulisap ay mga likas na kalaban ng mga peste tulad ng
36 parasito, maninila, at mikrobyo. Pero ang walang pakundangang paggamit
37 ng pestisidyo ay ikinamamatay rin ng mga likas na kalaban. Kaya naman,
38 ipinapayo na iwasan ang paggamit ng *insecticides*. Gamitin lamang ito kung
39 talagang kailangang-kailangan. Siguraduhin lamang na tama at ligtas ang
40 paggamit.

41
42 Ipinapayo rin ang paggamit ng binhing matibay sa aksip tulad ng NSIC Rc214,
43 Rc128, Rc122, Rc100, Rc76H, Rc50, Rc44, Rc122, Rc106, at Rc11.



PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

- 45 Paalala ni Antonio na magpalit at pagsalitin ang mga binhing itatanim upang
46 hindi masanay ang mga peste.
47
- 48 Ang sobrang pagpapataba ay maaaring makalala ng pananalasa ng aksip.
49 Magiging malambot at madaling sirain ng aksip ang mga palay kung sobra sa
50 nitrohen. Mas madali ring na humapay ang palayan.
51
- 52 Inererekomenda rin ni Antonio na araruhin ang lupa pagkatapos ng pag-aani.
53 Ang mga uod ng aksip ay mamamatay sa araw. Ang mga pinagpugaran ng
54 mga aksip ay nasisira sa pagbubungkal ng lupa.
55
- 56 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice Text
57 Center 0920 911 1398.
58
59

Clean, Green, Practical, and Smart Rice Farming Systems for Competitiveness, Sustainability, and Resilience (Clean GPS for CSR)



PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | Email: prri.mail@philrice.gov.ph
| Trunkline: (044) 456-0277 | Telefax: (044) 456-0112, 0648 | PhilRice Text Center: +63 920-911-1398 | Website: www.philrice.gov.ph
| www.pinoyrkb.com | Liaison Office: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | Tel: (02) 920-5129 | Mobile: 0920-906-9052

